Binasa ko sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ang " Ako si [Allah] ay nanununumpa sa Bituin,At hindi siya nagpatirapa rito

Ayon kay Zaid Bin Thabit, malugod si Allah sa kanya.Nagsabi siya: ((Binasa ko sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ang " Ako si [Allah] ay nanununumpa sa Bituin,At hindi siya nagpatirapa rito))

[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

Katotohang si Zaid bin Thabit-malugod si Allah sa kanya-ay nagbasa sa Propeta-pagpalan siya ni Allah at pangalagaan-sa kabanata ng An-Najm,at nang dumaan siya sa talata na may pagpapatirapa,hindi siya nagpatirapa rito,at iniwan niya ang pagpapatirapa sa kalagayang ito,ngunit hindi nagpapatunay sa pag-iwan nito sa pangkalahatan;dahil maaari na ang dahilan sa pag-iwan niya nito ay upang ipahayag [rito] ang pagpapahintulot,at ito ang sinang-ayunan sa mga [karamihang opinyon] at ito rin ang sinang-ayunan ni Imam Ash-shafi`ie,sapagkat kung ito man ay obligado,ipag-uutos niya sa kanya na magpatirapa,kahit pagkatapos niya doon.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/11240